

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone  
ISSN 2345-8194 Science City of Muñoz, Nueva Ecija Tomo 5 Blg. 4 • Hulyo-Agosto 2017

## Isang higanteng bulaklak na *pastillas*, itinampok sa 'Gatas ng Kalabaw Festival' sa San Jose City

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Isang malaking bulaklak na *pastillas* na gawa sa gatas ng kalabaw ang naging tampok na palamuti sa pagdiriwang ng taunang "Gatas ng Kalabaw Festival" na ginanap nitong nakaraang Agosto 9 sa San Jose City.

Nagtulong-tulong ang mga eksperto mula sa Philippine Carabao Center (PCC) sa paglikha ng bulaklak na may sukat na apat na talampakang taas, lapad na anim na talampakan at kapal na kalahating pulgada. Umabot sa 15 litro ng gatas ang nagamit mula sa planta ng PCC.

"*Pastillas* sa anyong bulaklak ang napiling itampok sa pagdiriwang upang ipakita at itaguyod ang iba pang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw," ani Wilma del Rosario, PCC-National Impact Zone coordinator.

Iniakma rin ito, aniya, sa tema ng pagdiriwang ng anibersaryo ng pagkakatatag ng San Jose City na bulaklak o *floral*.

"Sa susunod na taon, iba pang mga produkto mula sa gatas ng kalabaw ang ating itatampok sa *festival*," sabi ni del Rosario.

Nabatid na sa nakaraang dalawang taon, itinampok sa taunang pagdiriwang ang malalaking kesong puti na umakit naman ng pansin at kasiyahan ng publiko.

Sa pangunguna ng Department of Trade and Industry (DTI), ang "Gatas ng Kalabaw Festival" ay idinaraos sa Nueva Ecija upang itaguyod ang mga lokal na produktong mula sa gatas ng kalabaw.

Sa isinasagawang *products exhibit*, itinatampok din ang iba pang mga produkto na likha sa lalawigan.

Ngayong taong ito, buong lugod na muling naging *host* ang pamahalaang lokal ng San Jose City sa pagdiriwang ng ika-48 *charter anniversary* ng lunsod.

Binigyang-diin sa pagtatanghal ng *festival*, na nasa ika-11 taon na,

(Sundan sa p.2)



## 3 koop sa Nueva Ecija, sinanay sa paggawa ng *ice cream* na gatas ng kalabaw ang sangkap

Ni Myra Shyrell C. Dacwag



Mga miyembro ng EPMPC, SIPBU-MPC, at PBDS-MPC habang sinasanay sa paggawa ng *ice cream* na gatas ng kalabaw ang pangunahing sangkap.

"Bukod sa malinamnam ay masustansya pa ang *ice cream* na gawa mula sa gatas ng kalabaw."

Ito ang tiniyak ng mga kalahok na sinanay ng Philippine Carabao Center (PCC) sa paggawa ng *ice*

*cream* na ang pangunahing sangkap ay gatas ng kalabaw. Tatlong araw silang lumahok sa pagsasanay nitong nakaraang Hulyo.

Nagbigay patotoo rin ang tagapagsanay na si Jennica Jove ng PCC Milka Krem ukol sa kabutihan ng gatas ng kalabaw bilang sangkap ng *ice cream*. Aniya, ang gatas ng kalabaw ay nagtataglay ng protina, calcium, vitamin A at iron na kailangan ng katawan ng tao sa araw-araw.

Sa pagsasanay na ginanap sa Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) at PCC, 20 mga miyembro ng EPMPC, Simula ng Panibagong Bukas Multi-Purpose

(Sundan sa p.2)

## Isang higanteng bulaklak... (mula sa p.1)



Nakiisa ang mga batang mag-aaral sa makahulugang “tagay-pugay” o ang sabay-sabay na pag-inom ng gatas ng kalabaw sa pagdiriwang ng ika-11 “Gatas ng Kalabaw Festival”.

ang hangarin at mga pagpupursige na makilala at madeklarang “Dairy Capital of the Philippines” ang Nueva Ecija. Sa ngayon, sama-samang itinataguyod ng iba’t ibang sektor ang pagpapaunlad ng lokal na industriya ng paggagatasan sa Nueva Ecija, na hinirang na *National Impact Zone* sa ilalim ng *Carabao Development Program*

(CDP) ng PCC.

Sa kanyang pagsasalita bilang panauhing pandangal, inihayag ni DTI *Regional Director for Region 3* Judith Angeles ang patuloy na pagsuporta ng kanilang ahensiya para sa ikalalago pa ng industriya ng paggagatasan. Aniya, nakapagkaloob na sila sa 13 kooperatibang inaasistehan ng PCC

sa Nueva Ecija ng mga kagamitan para sa pagpoproseso at paggagatas bilang bahagi ng kanilang *Shared Service Facility project*.

“Ang gatas ng kalabaw ay produktong may dagdag-halaga dahil hindi lang ito ibinebenta bilang inumin kundi pangunahing sangkap din ito sa paggawa ng iba’t ibang produkto na tulad ng *pastillas*. Dapat pang dumami ang mga gumagawa ng *pastillas* dahil sa nakita natin na marami ang sadyang may gusto, lalung-lalo na ang mga bata, na kumain ng produktong ito,” wika niya.

Ipinahayag naman ni DTI *Provincial Director* Brigida Pili ang pagsisikap na ginagawa ng panlalawigang pamahalaan para maaprubahan ng Presidente ng Pilipinas na maideklara ang Nueva Ecija bilang *Dairy Capital* ng bansa.

“Bakit natin ito ginagawa? Hindi lang para makilala ang ating probinsiya bilang *dairy capital* ng bansa kundi para na rin mas lubos na malaman ng ating mga kababayan ang kabutihang naidudulot ng gatas ng kalabaw hindi lang sa kalusugan kundi maging sa kabuhayan ng ating mga magsasaka. Marami nang magsasaka ang guminhawa

ang buhay dahil sa mga proyektong pangkabuhayan na inilunsad ng PCC, katulong ang DTI, Department of Agrarian Reform (DAR), at mga lokal na pamahalaan,” wika ni Pili.

Binigyang-diin naman ni PCC *Deputy Executive Director* Dr. Felomino Mamuad ang hamon na kinakaharap ng industriya ng paggagatasan hinggil sa mababang porsiyento ng produksyon ng gatas sa bansa. Inulit niyang banggitin ang sinabi ni *Agriculture Secretary* (Emmanuel) Piñol ang kanyang pananaw na mula isang porsiyento ay tataas hanggang 10% sa susunod na limang taon ang produksiyon ng gatas sa bansa.

Ibinahagi rin niya ang plano na mag-aangkat ng mga gatasang baka at kalabaw sa susunod na taon para matugunan ang hamon. Kalakip nito, hiniling niya sa mga magsasakang-maggagatas na tulungan ang PCC na palawigin pa ang taniman at mapagkukunan ng mga pakain sa mga kalabaw.

Ang taunang pagdiriwang ng “Gatas ng Kalabaw Festival” ay sama-samang itinataguyod ng isang *technical working group* na kinasasangkutan ng DTI, PCC, DAR, DA at maging ang mga panlalawigan at lokal na pamahalaan.

Sa susunod na taon, gaganapin ang pagdiriwang sa *national headquarters* ng PCC sa Science City of Muñoz. ●

## 3 koop sa Nueva Ecija... (mula sa p.1)

Cooperative (SIPBU-MPC) at Parista Barangay Defense System Multi-Purpose Cooperative (PBDS-MPC) ang lumahok.

Ang PBDS-MPC ay gumagawa na ng *ice cream*, nguni’t nilayon ng mga miyembro nito na pagbutihin pa ang kalidad ng kanilang produkto sa pamamagitan ng paggamit ng gatas ng kalabaw bilang pangunahing sangkap nito.

Nagkaloob ng tig-isang *stand mixer* sa PMPC at PBDS MPC bilang panimula ang Department of Trade and Industry-Nueva Ecija sa ilalim ng programa nilang *Small and Medium Enterprise (SME) Roving Academy*. Naglalayon ang DTI na ganap na matulungan ang mga SME na umangat at magtagumpay sa kanilang gawain.

Sa naganap na pagsasanay, itinuro sa mga kalahok ang paggawa ng *hard ice cream* na purong gatas ng kalabaw ang sangkap (na nasa categoryang *original flavored*) at ang mga uri pa ng *ice cream* na *chocolate flavored* at *ube-cheese flavored*.

Sa paggawa ng *ice cream*, inihayag ng mga tagapagsanay ang mga

sangkap sa paggawa ng isang litrong *ice cream*, na gaya ng sumusunod:

(Para sa puro o *original-flavored ice cream*.)

669g gatas ng kalabaw (*raw milk*)  
142g *cream*  
41g *skim milk*  
101g asukal  
6.08g *stabilizer, code 3949*  
20.1g *dextrose, code 4013*  
20.1g *glucose syrup*

(Para sa *ube-flavored ice cream*.)

7.5g *ube paste*  
komersiyal na keso (na ang hiwa ay hugis-kubiko)  
*chocolate bars* (ginadgad)

(Para sa *chocolate-flavored ice cream*.)

616g gatas ng kalabaw (*raw milk*)  
179g *cream*  
29.82g *skim milk*  
119.3g asukal  
6.08g *stabilizer, code 3949*  
29.82g *glucose syrup*

Sa paraan naman ng paggawa, ganito ang ibinahagi ng mga tagapagsanay:

1. I-*pasteurize* ang gatas, kasama ang *cream*, sa temperaturang hanggang 70°C.

2. Habang hinihintay uminit ang gatas at *cream*, paghaluin nang dahan-dahan ang mga *dry ingredients* para mas mabilis matunaw. Kung *plain* o *ube-cheese flavored ice cream*, paghaluin ang *skim milk*, asukal at *stabilizer*. Sa *chocolate flavored*, idagdag ang *cocoa* sa *mixture* ng mga *dry ingredients*.

3. Kapag 70°C na, ihalo na ang mga *dry ingredients* pati ang *glucose syrup* at *dextrose*. Nguni’t sa *choco flavor*, walang *dextrose* na dapat na idagdag.

4. I-*pasteurize* ang *mixture* hanggang 85°C sa loob ng 2 minuto.

5. Hanguin at haluin sa *mixer* sa loob ng walong minuto.

6. Palamigin ang *mixture* hanggang <20°C sa pamamagitan ng pagbabad ng lalagyan nito sa malinis na tubig na may yelo.

7. Ilagay sa *chiller* ang *mixture* sa loob ng 4 hanggang 12 oras sa temperaturang 1-4°C.

8. Idagdag ang *ube paste*. Bahagyang patigas ang *mix* sa *ice*

*cream machine* o *gelato machine* hanggang 8 minuto. Kung wala ang mga nabanggit na kagamitan, puwedeng gamitin ang *stand mixer* kung saan hinahalo ang *mixture* sa temperaturang 4-10°C hanggang mag-*foam* ito.

9. Isalin ang *mixture* sa mga nais gamiting lalagyan. Ilagay na rin ang nahiwang *cheese* sa *ube-cheese flavor* at ginadgad na *chocolate bars* sa *chocolate flavor* bago takpan.

10. Iimbak sa *freezer* sa temperaturang -18°C hanggang -25°C.

Ang tagal ng paggawa ay dalawang araw.

Bilang paalala, sinabi ng mga tagapagsanay na dapat tandaan na ang mga naibigay na sukat ay para lamang sa isang litrong *ice cream*. Kung ninanais gumawa ng higit pa, imultiplika lamang ang mga nasabing sangkap sa dami ng *ice cream* na gustong gawin. ●

## Pamamaraan para sa matagumpay na pagpapabuntis ng alagang kalabaw

Ni Peregrino G. Duran

Ang katagumpayan sa pagkakaroon lagi ng anak ng alagang kalabaw ay isang tuluy-tuloy na hamon sa mga nag-aalaga nito. May malaking kaugnayan ang tamang pag-aalaga sa matagumpay na pagpapabuntis ng alagang hayop. Ang sumusunod ay mga paraan upang maging matagumpay ang pagpapabuntis sa alagang kalabaw.

### 1. Pagpapalahi sa tamang oras ng paglalandi.

Ang mga bagay na maaaring makaapekto sa matagumpay na pagpapabuntis ng kalabaw sa pamamagitan ng *Artificial Insemination* (AI) ay ang tamang oras ng pagsasagawa nito, mahusay na pagsasagawa, at “fertility” ng lalaki at babaeng kalabaw.

Ang magandang panahon ng pagsasagawa ng AI ay kung naglalandi na ang alagang kalabaw. Bagama’t sinasabi na epektibo ang pagsesemilya sa mga kalabaw na nasa umaga o hapon ang paglalandi, ang teorya ng pagpapabuntis sa hayop ng 12 oras pagkatapos ng kasidhian ng paglalandi ay huwag balewalain. Ang *protocol* na ito ay hindi naman kailangang istriktong sundin. Ang pamamaraan na ito ay epektibo kung matutukoy ang unang pagkakaroon ng sidhi ng paglalandi. Ang kalabaw na naglalandi ay pwedeng semilyahan kaagad nang hindi na kailangang patagalin pa ng 12 oras.

### 2. Mabisang teknik sa pagsasagawa ng AI.

Ito ay tumutukoy sa pagpapataas ng tsansa ng pagpapabuntis ng kalabaw sa pamamagitan ng AI. Ang teknik sa pagsasagawa ng AI ay isa sa mga dahilan na nakaapekto sa pagpapabuntis ng hayop. Ang isang propesyonal at magaling na *technician* ay makatutulong sa madaling pagpapabuntis sa inyong alaga.

### 3. Agarang pagpapalahi sa tamang pagkakataon pagkatapos manganak ng kalabaw.

Ang pagpapalahi ng kalabaw ay ang unang hakbang para sa pagpapabuntis. Ang unang pagpapalahi pagkapanganak ay isang magandang oportunidad dahil ang alagang hayop sa panahong ito ay tiyak na hindi pa buntis. Dahil dito, ang pagbibigay ng pampalanding gamot ay magagamit na walang pag-aalala na makunan ang inyong alagang

kalabaw.

### 4. Pagsunod sa sabay-sabay at tamang pamamaraan ng pagpapalahi.

Ang pagsunod sa tamang pamamaraan ay kritikal para sa matagumpay na pagpapabuntis ng alagang kalabaw.

Tulad ng pagpapalahi nang sabay-sabay sa pamamagitan ng pagbibigay ng gamot sa inyong alagang hayop, binigyang-diin na kapag hindi sumunod sa alituntunin na dapat sundin ay huwag nang gawin ang pagpapalahi ng inyong mga alagang kalabaw. Ang mga pamamaraan ay humihikayat na gumawa ng sistema upang masigurado na ang hayop ay makatatanggap ng tamang doses sa tamang oras.

### 5. Tukuyin ang mga hindi nabuntis na kalabaw pagkatapos masemilyahan.

Ang maagang pagsusuri sa mga nasemilyahang kalabaw para malaman agad ang mga hindi nabuntis ay napakahalaga upang magkaroon ng magandang estratehiya sa susunod nang sa ganoon sila ay ma-AI muli para mabuntis. Sa pamamagitan ng *ultrasound machine* at ang karaniwang ginagawa na *rectal palpation* o ang pagkapa ng matris sa pamamagitan ng pagdukot sa puwit ng hayop upang malaman kung siya ay buntis o hindi, ang siyang ginagawa ng mga AI *technicians*. Habang ang *ultrasound* ay mas mahal at mas kumplikado, ito ay nakatutukoy nang mas maaga sa pagsusuri ng pagbubuntis ng kalabaw. Ang *rectal palpation* ay isasagawa lamang kung ito ay may 35 na araw pataas pagkatapos ng AI, depende sa AI *technician*. Kung *ultrasound* naman, ito ay gagamitin lamang kung may 28 hanggang 30 na araw pagkatapos ma-AI.

### 6. Mas agresibong paraan upang masemilyahan muli ang mga hindi nabuntis na kalabaw.

Habang ang tinatawag na *timed-AI* ay nagpapabuti at nagpapataas ng tsansa ng pagbubuntis sa unang AI *service* at napapadali ang pag-oberba ng paglalandi, ito ay madalas na sinusundan ng mga 60 na araw na pagkaantala bago matukoy at masemilyahan muli ang mga hindi pa buntis na kalabaw. Sa baka, inirerekomenda ang pagbigay ng *hormone* “GnRH” pagkatapos ng mga 32 na araw

## Paggawa ng ‘kefir’, natutunang gawin sa NEFEDCCO

Ni Micko Roa Dela Cruz

Ang *kefir* ay isang uri ng pinaasim na inuming gatas na nagmula pa sa hilagang bahagi ng kabundukan ng Caucasus na matatagpuan sa hangganan ng Silangang Europa at Kanlurang Asya.

Ito’y ginagawa na may kahalong “kefir grains” na sinasabing pinasimulan ng mga pastol sa North Caucasus *region*. Nadiskubre ng mga pastol na ang mga sariwang gatas sa kanilang sisidlang katad ay nabuburo.

Ang *kefir grains* naman ay isang kumbinasyon ng *bacteria* at libadura na nabubuo na animo isang *cauliflower*. Taglay nito ang maraming *lactic acid bacteria* at libadura. Hinahalian ang gatas ng *kefir grain, cultured yeast at lactic acid bacteria* upang magawa ang *kefir*.

“Ang pag-inom ng *kefir whey* o patis ng *kefir* ay nakatutulong sa pagpapalakas ng *immune system*, buto, at iba pang bahagi ng katawan. Nakatutulong din ito upang malabanan ng katawan ang *cancer*,” paliwanag ni Rosemarie Glenn, *health and wellness at Organic Agriculture advocate*, na mula sa San Fabian, Pangasinan nguni’t naninirahan na sa Estados Unidos bilang isang *US citizen*.

Ayon sa kanya, ang *kefir whey* ay maaaring tumagal nang isang taon kapag ito ay inilagay sa *refrigerator*. Dagdag niya, dapat laging may gatas na kinukunsumo ang *kefir grain* upang manatili itong buhay.

Si Rosemarie ay inimitahan kamakailan ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperative (NEFEDCCO), na may tanggapan sa San Ricardo, Talavera, Nueva Ecija, upang magturo kung paano gumawa ng *kefir*.

Dalawampung miyembro ng NEFEDCCO ang kanyang sinanay sa paggawa ng *kefir*. Kanila ring natutunan kung paano paramihin ang *kefir grain*.

Ayon sa kanya, ang *kefir whey* ay maaaring tumagal nang isang taon kapag ito ay inilagay sa *refrigerator*.

Ayon naman kay Gerardo delos Santos, tagapangulo ng NEFEDCCO, napili ni Rosemarie ang kooperatiba na turuan (sa paggawa ng *kefir*) dahil sa ito’y siyang pinakamalaking samahan ng mga maggagatas sa Nueva Ecija.

“Napag-alaman namin na ang paggawa ng *kefir* ay magandang paraan upang mapahaba ang *shelf-life* ng gatas,” sabi ni delos Santos.

Ayon sa kanya, kasalukuyang pinabubuti pa ng asosasyon ang produkto.

“Sinusubukan naming lagyan pa ito ng *flavor* dahil baka hindi magustuhan ng mga bata ang lasa nitong maasim. Gayundin, inaayos namin ang *labeling* bago namin ito ipakilala sa merkado,” paliwanag niya.

Tuwang-tuwa ang mga miyembro ng NEFEDCCO na nakasama sa pagsasanay, ayon kay delos Santos, dahil may natutunan silang paraan upang hindi masayang ang kanilang aning gatas sa mga panahong mahina ang benta nito.

“Natutuwa din sila dahil hindi mabusisi ang proseso ng paggawa ng *kefir*,” dagdag ni delos Santos.

Sabi naman ni Rosemarie:

“Maliban sa magandang epekto ng produktong ito sa katawan, makatutulong din ang paggawa nito sa pagpapaangat ng kita ng mga magsasakang-maggagatas dahil mataas ang halaga ng *kefir* sa merkado.” ●

ng pagkaka-AI at isinasagawa ang pagsusuri kung ito ay buntis o hindi sa ika-39 na araw. Ito ay nagagamit na rin sa kalabaw. Pinapahintulutan na ito ay gawin sa mga hindi buntis na kalabaw.

### 7. Magkaroon at gumamit ng mga bagong teknolohiya.

Ang bagong teknolohiya ay ginagamit para sa mas epektibo at mabuting pamamahala ng pagpapabuntis at pagpaparami ng alagang hayop, hindi lang sa *smallholder-farmers* kung hindi

pati na rin sa mga nag-aalaga nang maramihan. Ang mga tagapangasiwa ay dapat isaalang-alang ang mga bagong teknolohiya at kung papaano ito magagamit sa operasyon.

Upang mapagbuti ang programa sa pagpapabuntis, sundin at gamitin ang mga pamamaraan na ito bilang pagpapatibay sa paggagatas. Ang pagiging matagumpay ay magsisimula sa maayos na plano at pinakamagandang gamit sa implementasyon nito. ●

# Dati'y namumulot lang ng basura para ibenta, ngayo'y umaasa ng asenso sa pagkakalabawan

Ni Mervalyn O. Tomas



Si Jimmy Bautista, miyembro ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative, habang pinapakain ang kanyang mga kalabaw.

**Kung may pera sa basura, mas maraming pera sa pagkakalabawan.**

**Ito ang pahayag ni Jimmy Bautista ng Sibut, San Jose City, Nueva Ecija. At, may patotoo siya para sabihin iyon.**

“Simpleng proseso lang ang kailangang sundin sa pagkakalabawan bagama't may kabigatang gawain din ito. Gayunman, kumpara sa nasubukan ko nang gawin para pagkakakitaan, malakas pagkakitaan ito,” anya.

Nasubukan na niya ang iba't ibang klase ng trabaho - mula sa pamumulot ng mapakinabangan pang mga basura upang ibenta, pagtitinda ng *fishball*, pag-aangkat at pagbebenta ng mga gulay, at pagpapalayan.

Hanggang pasukin niya ang pagkakalabawan.

**Nagsimula sa pamamasura**

Sa pagsasalaysay ni Jimmy, nag-

umpisa siya sa pamamasura nang dumating sila sa San Jose City mula sa Mindanao. Siya'y tubong San Jose City at tubong Mindanao naman ang kanyang napangasawa. Sa pagsisimula nila sa buhay may-asawa, sa Mindanao sila nakipagsapalaran.

Noong 1999, nagpasya silang sa San Jose mamuhay, na ang sukbit sa lukbutan ay halagang Php280 lamang. Pamumulot ng basura na maaaring mapakinabangan ang inatupag niya na mapagkakakitaan.

Ayon kay Jimmy, napatunayan din naman niyang may pera nga sa basura dahil sa pamamagitan ng kanyang pamamasura kaya nakapag-apon siya ng pambili ng *fishball cart* at nagbenta siya ng *fishball* sa kanilang lugar.

“Nakaipon kami ng Php7,400 noong 2004. Upang madagdagan, ibinenta ko ang *fishball cart* namin

sa halagang Php6,500 at bumili ako ng *tricycle*. Ginamit ko ito sa pangangahoy sa Carranglan, Nueva Ecija nang may mag-alok sa akin na mag-angkat ng gulay dito upang ibenta sa palengke ng San Jose,” pagkukuwento pa niya.

Anyang nakita niyang oportunidad para kumita ang pagbebenta ng mga gulay, kabilang na ang sibuyas, sa palengke ng San Jose. Inaangkat niya ang mga gulay sa Carranglan at minsan naman ay bumibili siya sa mga nag-dedeliver ng paninda sa palengke mismo.

Nagtiyaga siya sa pagbebenta ng gulay hanggang sa makapag-apon siya. Ang halagang naipon niya ang ginamit niyang kapital sa pagkakalabawan.

**Kita sa pagkakalabawan**

Taong 2016 nang bumili si Jimmy ng tatlong kalabaw at sumali sa

Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative. Naengganyo siya sa gawaing ito dahil nakita niya ang pag-asenso sa buhay ng mga kakilala niya sa kanilang lugar sa Sibut na nakapalaot sa gawaing ito.

“Nagtanong ako sa kakilala kong nag-aalaga ng kalabaw kung paano mag-umpisa. Tinulungan niya akong sumali sa kooperatiba,” ani Jimmy.

Limang buwan pa lang ang lumililipas, siya'y bumili ulit, kasama na ang kanyang dalawang kapatid, ng siyam pang kalabaw. Isa sa kanyang mga kapatid ang nakatutok ngayon sa pag-aalaga sa mga kalabaw.

“Bilang isang magkakalabaw, kailangan namin ang tulong at gabay mula sa Philippine Carabao Center (PCC). Pero alam naming hindi dapat laging nakaasa sa mga ipamimigay ng PCC na kalabaw dahil kung gusto mo talaga, pagsikapan mo dapat ang pag-unlad ng iyong pagkakalabawan,” sabi ni Jimmy.

Sa ngayon, pito sa kanyang mga kalabaw ang buntis.

“Kapag nanganak lahat 'yan at nagatasan na, mababawi na namin ang aming kapital. Kapag nangyari 'yon, mararanasan ko na 'yong sinasabi nila na malakas kumita sa pagkakalabawan,” sabi ni Jimmy.

Plano niya na palakihin ang kural ng kanyang mga kalabaw dahil pararamihin pa niya ang mga ito.

Naniniwala siya na abot-kamay niya ang mas maalwan pang buhay ngayong sumubok siya sa pagkakalabawan. At, gaya ng kanyang ipinakikita, determinado siyang makamtan ito sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap na kasama ang kanyang mga kapatid. ●

## NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,  
isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura



Department of Agriculture  
**PHILIPPINE CARABAO CENTER**  
CERTIFIED ISO 9001 ISO 14001 OHSAS 18001

**Eric P. Palacpac**

Patnugot

**Mervalyn O. Tomas**

Tagapamahalang Patnugot

**Ma. Cecilia C. Irang**

**Mervalyn O. Tomas**

Mga Manunulat

**Peregrino G. Duran**  
**Myra Shyrell C. Dacwag**

**Micko Roa Dela Cruz**

Mga Nag-ambag ng Artikulo

**Ma. Cecilia C. Irang**

Layout

**Chrissalyn L. Marcelo**

Tagapamahala ng Sirkulasyon

**Wilma T. del Rosario**

Tagapayo

**Anselmo S. Roque**

Kasangguni

**Arnel N. Del Barrio**

Pinunong Tagapagpaganap